



Pagbuo ng isang **ligtas** at **matatag** na Canada

Kapag gumawa ng pang-emergency na kautusan ng limitasyon sa pag-access laban sa iyo

Nagtatakda ng mga panuntunan ang pang-emergency na kautusan ng limitasyon sa pag-access sa pagmamay-ari o paggamit ng mga baril o iba pang item ng isang tao nang hanggang 30 araw. Makakatulong itong maiwasan ang pag-access ng mga ito ng ibang taong pinagbabawalan ding magmay-ari ng mga baril o kaugnay na item. Puwedeng mag-apply ang sinuman para sa kautusang ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa lokal na hukuman.

Kung may gumawa ng pang-emergency na kautusan ng limitasyon sa pag-access laban sa iyo, pagpapasyahan ng hukom kung anong mga panuntunan ang dapat mong sundin sa panahong ito. Halimbawa, posibleng i-require ka ng hukom na i-store ang iyong mga armas sa ibang lokasyon o i-store ang mga ito sa ibang paraan.

Kung hindi mo masusunod ang mga panuntunang ito o kung may mga alalahanin sa kaligtasan, posibleng iutos ng hukom na pansamantalang isuko sa o alisin ng pulisya ang iyong mga armas nang hanggang 30 araw. Kapag nag-expire na ang kautusan, hindi na nalalapat ang mga panuntunan. Kung isinuko mo ang iyong mga baril o armas o inalis ang mga ito ng pulisya, ibabalik ang mga ito sa lalong madaling panahon.

Kung susundin mo ang mga panuntunan ng kautusan at hindi ka lalabag sa anumang batas, hindi ito gagawa ng record ng krimen.

Puwede kang mag-apply sa hukuman para ipakansela ang kautusan kung sa palagay mo ay hindi na ito kailangan. Kung kakanselahin ng hukom ang kautusan, hindi na malalapat ang mga panuntunan. Kung isinuko mo ang iyong mga armas o inalis ang mga ito, ibabalik ang mga ito sa lalong madaling panahon.

Mga kautusang mas matagal sa 30 araw

Posibleng magtakda ang hukuman ng petsa ng pagdinig para sa mas matagal na kautusan ng limitasyon sa pag-access:

- mananatili ang mga panuntunan ng pang-emergency na kautusan hanggang sa matapos ang pagdinig para sa mas matagal na kautusan
- posibleng wala ka o posibleng nasa pagdinig ka para sa mas matagal na kautusan

Kung kakanselahin ng hukom ang pang-emergency na kautusan ng limitasyon sa pag-access bago matapos ang pagdinig para sa mas matagal na kautusan, kakanselahin nila ang pagdinig. Hindi na malalapat ang anumang panuntunan, at kung isinuko mo ang iyong mga baril o armas o inalis ang mga ito, ibabalik ang mga ito sa lalong madaling panahon.

Kung gagawa ang hukom ng mas matagal na kautusan ng limitasyon sa pag-access, posibleng magtakda siya ng mga bagong panuntunan na kailangan mong sundin. Kung hindi gagawa ng mas matagal na kautusan ang hukom pagkatapos ng pagdinig, magpapatuloy ang iyong pang-emergency na kautusan hanggang sa mag-expire ito.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga batas sa red flag at mga proteksyong ito, makipag-ugnayan sa iyong lokal na hukuman. Matuto pa tungkol sa mga batas sa “red flag” at kung paano makakatulong ang mga ito sa pagpigil sa karahasan na nauugnay sa mga baril:

<https://www.canada.ca/red-flag-laws> (<https://canada.ca/lois-drapeaux-rouges>)

Available din sa isang naa-access at digital na format online:

<https://www.publicsafety.gc.ca/cnt/rsracs/pblctns/rd-flg-elao/index-en.aspx>

(<https://www.securitepublique.gc.ca/cnt/rsracs/pblctns/rd-flg-elao/index-fr.aspx>)

© Ang Kanyang Kamahalan na Hari sa Karapatan ng Canada,
na kinakatawan ng Ministro ng Pampublikong Kaligtasan at
Paghahanda sa Emergency, 2026.